

## **Liwanag sa Dilim**

Isinulat ni :

Mariah Amour C. Miranda

Ilang daang taon na rin ang nakalipas mula ng magsimulang maglayag ang ating bansa. Sa ating pakikipagsapalaran ay hindi maiiwasan ang bagyo ng mga pagsubok at malalaking alon ng mga problema. Ngunit sa pamamagitan ng mga pinuno at pamahalaan, unti-unti ay nakauusad tayo at nahuhubog ang ating pagkatao. Naranasan natin sa iba't-ibang kamay ang tamis ng tagumpay at pait ng kabiguan. Ngunit kailan kaya darating ang pagkakataon na makatagpo si Juan ang isang tapat at matatag na pinuno?

Halos nasubukan na ng ating bayan ang lahat ng mga ugali ng bawat pangulo. Mayroong nagbigay atensyon sa agrikultura, ang iba nama'y sa kalakalan. Sumikat naman ang ibang pangulo sa pamamagitan ng pag-iiwan ng mga kataga, tulad ng "Pilipino Muna" at "Sa Ikauunlad ng Bayan, Disiplina ang Kailangan." May bumuhay sa demokrasyang minsan ng pinatay at pinagkait ng mga dayuhan. Ang lahat ng ito ay patunay na ang mga humawak sa atin ay may kani-kaniyang stratehiya at kaugalian.

Sa hinaba-haba ng takbo ng ating bansa, nararapat marahil ang isang pangulong may matatag na pundasyon. Ito ay 'di lamang sa sarili kundi maging sa pagharap sa mga krisis at suliranin. Ang isang mainam na pangulo ay may kalakasan ng loob at hindi pinangungunahan ng takot. Dapat ay kaya niyang dalhin ang kanyang sinasakupan. Dapat ay buong giting n'yang ipinagmamalaki ang kanyang bayang pinaglilingkuran.

Sumunod na katangian ng isang mainam na pangulo ay ang mahigpit na paghawak sa kabutihan. Kahit maraming tukso ng kasamaan, kaya nyang pigilan at kontrolin ang kanyang sarili. Taglay din ng isang mabuting pangulo ang paninindigan sa sarili. Hindi siya nagpapatnag sa gabundok na mga problema, 'pagkat alam nyang ang kanyang ginagawa ay para sa bayan at hindi sa kaniyang kagustuhan. Inuuna niya ang kapakanan ng mas nakararami at tinitimbang ang bawat pangyayari.

Sa bagsik ng salita ng isang pangulo, may nabubuong takot sa bawat mamamayan. Sa mas malalim na kahulugan, mayroong talim sa bawat salitang namumutawi sa kanyang bibig. Ang desisyon ng isang mabuting pangulo ay nakabatay sa kanyang mga kaalaman at pananaw. Kung kaya't kinakailangan din na ang isang namumuno ay may sapat na edukasyon upang mapamahalaan ang bansa ng wasto at nararapat. Magiging pulido ang kanyang mga desisyon at mga kalalabasan nito dahil ito ay ibinatay niya sa kanyang natutunan.

Sa huli, hindi makukumpleto ang sangkap ng isang ideyal na pangulo kung wala ang pananalig sa Maykapal. Mawawalan ng kabuluhan ang kanyang mga desisyon, panukala at hakbang kung hindi isinasangguni sa Itaas. Kung pagsasama-samahin ang lahat ng katangian; kung ang katapatan, katapangan, paninindigan, wastong pagtimbang sa mga bagay-bagay, edukasyon at ang pananampalataya sa Panginoon ay taglay ng isang indibidwal, walang duda na siya ay magiging isang mabuting pangulo. Isang pangulo na salamin ng isang maunlad na bansa. Isang pangulo na magsisilbing bituin na magbibigay liwanag sa ating baying naninimdim.